

21. Panginoong Diyos, buksan mo po ang mata ng mga hindi mananampalataya sa Spain na nahihirapan dahil sa kasalukuyang pandemic, na makita nila ang iyong pag-ibig na ipinahayag mo sa krus ng Kalbaryo. (John 3:16)

22. Panalangin namin Panginoon, na gumalaw ang Banal na Espiritu sa buhay ng mga Swedish-speaking na hindi pa mananampalataya ngunit nakakarinig ng *The Garden of the Heart* na mabigyan sila ng pang-unawa tungkol sa kadakilaan ng iyong pag-ibig sa kanila. (1 John 4:16)

23. Ama, panalangin namin ang mga hindi pa naaabot ng ebanghelyo sa South Africa na piniling patigas ang kanilang mga puso at takpan ang kanilang ispiritual na tenga mula sa iyong boses. (Heb. 3:8)

24. Ang bilang ng mga aktibong Kristiyano sa U.S. ay bumaba ng kalahati mula noong 2000, habang ang porsiyento ng mga ateista at agnostics ay halos nadoble mula noong 2003. Ama, gisingin mo po ang puso ng mga tao upang ikaw sana ang kanilang hanapin. (Rom. 13:11)

25. Panginoon, nawa ay mailapit ang mga tao sa *Albanian Women of Hope Program*, magnais na mas makilala ka pa at makilala si Kristo. (Prov. 8:17)

26. Ama, panalangin namin ang mga kababaihan sa India sa kanilang paglipat sa ibang estado para sa pag-aasawa, edukasyon at trabaho. Sa pagharap nila sa kahirapan at tukso, sana ay manumbalik ang kanilang ispiritual na buhay sa pamamagitan ng lokal na pagsama-sama ng mga Kristiyano. (Heb. 10: 24-25)

27. Sa nakaraang siglo, ang Korea mula sa pagiging bansa na hindi naaabot ng ebanghelyo ay naging tagapagpadala ng mga misionaryo. Gamitin nawa ng iglesia sa South Korea ang karanasang ito upang manguna sa paggawa ng misyon at istrategiya para sa pag-abot sa mga tao doon. (Ps. 32:8)

28. Panginoon, panalangin namin na ang mga programa ng *Women of Hope*, videos at mga materyales sa Facebook na ginagawa ng aming grupo sa Cambodia ay magpalakas ng loob ng mga mananamapalataya at hipuin ang puso ng mga hindi pa naniniwala sa iyo, upang tanggapin ang katotohanan tungkol kay Hesus. (Ps. 86:11)

29. Panginoon, sa Indonesia ay may mahigit sampung (10) tribo ang nakahiwalay na walang eskuwelahan at medikal na pag-aalaga o koneksiyon sa labas. Magdala ka po ng mga tao na tutulong upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mga grupo na magsasalin ng iyong Salita sa kanilang mga wika. (1 John 3:17)

30. Panginoon, salamat sa mapagmahal na serbisyo na ibinibigay ng grupo ng *Women of Hope* sa Ethiopia para sa mga kababaihan mula sa ibang mga relihiyon. Sa pamamagitan ng pakikinig sa *Healing Voice* at pagbibigay ng serbisyo sa kalusugan, maraming kababaihan ang nananampalataya kay Hesus. (1 Pet. 4:10)

31. Ama, sana ang mga nakatanggap ng mga libreng Bibliya na ipinapamahagi ng aming partner sa France ay magbasa ng iyong Salita, makilala ka, at tanggapin ang iyong mensahe ng kaligtasan sa pamamagitan ni Hesus. (Rom. 10:17)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2021. 05.**

### Panalangin sa mga hindi pa naabot ng ebanghelyo

"Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo." (Mateo 28:19-20)

Kailangan nating ipangaral ang Ebanghelyo hanggang sa dulo ng daigdig, ayon sa huling utos na iniwan ni Jesu Cristo sa atin. Ang dulo ng daigdig ay walang iba kundi ang ating kapitbahay, kaibigan at pamilya.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 [phkorea@twrk.or.kr](mailto:phkorea@twrk.or.kr)

## Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Ama namin, pagkalooban niyo po nawa ng karunungan ang mga mananampalatayang taga Ethiopia sa kanilang pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga komunidad na di pa naabot nito. Bawat komunidad ay may kanya kaniyan g paniniwala at kultura. Nawa'y ang mga hindi pa mananampalataya ay maengganyo sa buhay at katotohanan kay Hesus. (Jas.1:5)

2. Ang North Korea ay bansang di pa naabot ng ebanghelyo, isa rin sila sa nagunguna sa listahan ng mga bansang tumutulgisa sa mga Kristiyano. Panginoon, gamitin mo po nawa ang pagsasahimpapawid ng Women of Hope sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa bansang ito. (1 Pet. 4:15-16)

3. Maraming mamamayan ng Bonaire ang nakarinig ng ebanghelyo, Panginoon. Pagpalain mo po nawa ang mga ministryo na nagpapahayag ng iyong mga Salita. Ibalik mo po nawa ang mga nawalay sa iyo dahil sa kanilang mga kasalanan at kilalanin ka nila bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon. (Eph. 6:12)

4. Panginoon, tulungan mo po sana ang mga mananampalatayang Finnish na patuloy silang mamuhay ng may kabanalan. Linangin mo po sana sila na maibahagi nila ang kanilang pananampalataya at pag-asa. Maging saksi sila ng iyong kapangyarihan sa mga hindi pa nakakakilala sa iyo at sa mga naligaw sa kanilang pananampalataya. (Phil. 1:6)

5. Panginoon, purihin ka sa katapatan ng Uruguay team sa pananalangin sa mga bansang hindi pa naabot ng ebanghelyo. Nakakatulong ang gabi-gabing pananalangin ng mga miyembro sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid ng programang Women of Hope sa paghihikayat sa mga hindi mananampalataya. (Col. 4:3-4)

6. Panginoon protektahan mo po sana ang mga mananampalataya at hindi mananampalataya sa Cambodia mula sa mga maling katuruan. Bigyan mo po nawa sila ng karunungan sa pagkilala sa katotohanan. (Jer. 23:16)

7. Ama namin, ipinapanalangin namin ang mga hindi pa naabot ng ebanghelyo na tribung Batwa sa Burundi. Ang mga mamamayang ito ay malayo sa kabihasnang at may

sariling tradisyong pinaniniwalaan, at ngayon ay nagsimula na sila sa pagpaparaal ng kanilang mga anak sa mga pampublikong paaralan. Magpadala ka sana ng mga taong magsasalin ng ebanghelyo sa kanila at tumulong sa kanilang napakaraming pangangailangan. (Prov. 19:17)

8. Dahil sa kagustohang maabot ang espirituwal na kaliwang nagan at mataas na antas ng kaalaman, ang mga edukadong pamilya sa India ay nakikiisa sa mga kultong gawain na nagdadala sa kanila sa pagpapakamatay at pagpatalay. Panginoon, nawa'y palakasin mo po ang mga mananampalataya upang maabot nila ang mga taong ito at mabigyan sila ng bagong buhay kay Kristo. (Prov. 9:10-11)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

9. Palakasin mo nawa ang partnership ng TWR Women of Hope at mga Christian Organizations. Palakasin mo nawa ang pagsasanib puwersa na ito upang mas marami pa ang tumanggap kay Hesus bilang kanilang Tagapagligtas (Mat. 9:37-38)

10. Panginoon, palakasin mo po ang mga Kristyanong Albano na magsilbing liwanag sa kadiliman at mahalina ang pagsisilbi sa mga tao sa pamamagitan ng iyong pangalan. Nawa'y piliin ng mga di mananampalataya na magkaroon ng panibagong buhay sa pamamagitan ng pakikipagrelasyon sa iyo. (Mat. 5:15)

11. Ama, Salamat na ang programang Women of Hope mula sa North Caucasus ay nakakarating sa mga karatig na lugar kung saan ay ibang relihiyon ang sinusunod. Nawa'y lumakas pa ang signal at abutin ang mga taong kailangang makarinig tungkol kay Hesus. (Mark 16:15-16)

12. Panginoon, nawa'y magdala ka ng mga babae na magboboluntaryo sa aming grupo sa Poland. Mga babaeng nagnanais na abutin ang mga kababaihan na nasa mahihirap na sitwasyon sa pamamagitan ng mensahe ng programang *You are Precious*. (Gal. 6:10)

13. Ama, magbigay ka nawa ng pondo at mga tagapamagitan sa panalangin sa aming partner, Norea Norway, sa pagbabahagi nito ng ebanghelyo sa mga hindi pa naabot nito sa pamamagitan ng media. (Col. 4:2)

14. Panginoon, China ang pumapangalawa sa pinakamataas na numero sa buong mundo ng mga hindi pa naabot ng ebanghelyo. Bigyan mo po ang mga mananampalatayang Chinese ng pagkamalikhain at tapang na ibahagi ang ebanghelyo sa kabila ng hamon sa politika. (1 Tim. 4:2)

15. Ama, gabayan mo po ang mga simbahan sa Paraguay na ihanda ang mga manggagawa sa ministryo upang mas marami pang tao ang maabot ng Mabuting Balita ng iyong ebanghelyo at lumapit kay Kristo maging ang kanilang mga pamilya. (2 Tim. 3:16)

16. Pinupuri ka namin Panginoon para sa German national partner ng TWR, sa pag-abot nito sa mga hindi pa mananampalataya gamit ang media, prayer calendars at mga materyales na madaling maintindihan ng mga tao na hindi pa alam ang Bibliya. (Rom. 10:14)

17. Panginoon, gamitin mo po ang grupo ng TWR Women of Hope sa Ukraine, kasama ng kanilang mga programa at mga materyales, upang maabot ang mga kababaihan sa kanilang bansa na hindi pa naniniwala sa iyo. (Rom. 10:9)

18. Panginoong Diyos, bigyan mo po ng karunungan ang aming grupo sa Pilipinas upang pasiglahin ang mga nalulumbay at mga taong nawawalan ng pag-asa at mabisang tumugon sa mga taong sumusunod ng ibang pananampalataya. (Prov. 2:6)

19. Ama, gamitin mo po ang mahigit apatnapu (40) na organisasyon na nagkakaisa sa misyon para sa *International Day for the Unreached* sa Linggo, Mayo 23, upang pakilusin ang mga mananampalataya sa buong mundo na ibahagi ang ebanghelyo. (Matt. 28:19)

20. Salamat po Panginoon sa maraming paraan upang marinig ng mga tao sa Denmark ang iyong ebanghelyo. Nawa ay makarinig ng ebanghelyo ang mga hindi pa naligtas at naghahanap ng kahulugan sa buhay at nawa'y maibalik sila sa iyo. (Rom. 1:16)